SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-38

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 01, S-2021 NG BARANGAY TIBAGAN NA NAGBABAWAL SA ANUMANG URI NG MGA SASAKYAN SA PAGPARADA SA MAGKABILANG PANIG NG KALSADA NATIONAL, PROVINCIAL, MUNICIPAL AT BARANGAY ROAD NA SAKOP NG BARANGAY TIBAGAN AT PAGBABAWAL SA LAHAT NG ESTABLISIYEMENTO, TINDAHAN O ANUMANG URI AT BAGAY NA NAKAKASAGABAL 1 METRO MULA SA KALSADA AT DRAINAGE CANAL NA PINANGANGALAGAAN NG PAMAHALAANG BARANGAY."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Martin SJ. Angeles**
*Tagapangulo*
Lupon sa Kaligtasang Bayan at Kaunlarang Barangay

---

**SAPAGKA'T,** ang layunin ng Sangguniang Barangay ng Tibagan na mapaluwag, mapabilis ang daloy ng trapiko at maiwasan ang mga nakakaabala sa kalsada;

**SAPAGKA'T**, ang Kautusang Barangay na ito ay tumatalima sa Memorandum Circular No.2020-145 na inilabas ng Department of Interior and Local Government noong Oktubre 2020;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Sekyon 17(b) ng Batas Republika 7160 o mas-kilala bilang Local Government Code of 1991 na nag-uutos sa mga namumuno na panatilihing walang nakakasagabal sa mga kalsadahin sa kanilang hurisdiksyon;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Seksyon 64 ng Pambayang Kautusang Blg. 24, S-2008, o ang Traffic Code ng Bustos kung saan ipinagbabawal ang anumang nakakahadlang sa maayos na daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MARTIN SJ. ANGELES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 01, S-2021 na nagbabawal sa anumang uri ng mga sasakyan sa pagparada sa magkabilang panig ng kalsada na National, Provincial, Municipal at Barangay Road na sakop ng Barangay Tibagan at pagbabawal sa lahat ng mga establisyemento, tindahan o anumang uri at bagay na nakakasagabal 1 metro mula sa kalsada at drainage canal na pinapangalagaan ng Pamahalaang Barangay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

———■———

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim